# Maagang French Immersion tdsb French

## Ano ang Maagang French Immersion?

Ang maagang French Immersion ay isang masinsinang Programa ng Wikang Pranses na nagsisimula sa Kindergarten at nagpapatuloy hanggang sa Baitang 12. Lahat ng mga aktibidad sa klase sa mga Baitang JK hanggang 3 ay isinasagawa sa Pranses. Ang isang espesyalistang paksa (hal. Kalusugan at Pisikal na Edukasyon) ay maaaring ituro sa Ingles. Sa mga Baitang 4 hanggang 8, ang programa ay ituturo na 50% sa Pranses at 50% sa Ingles.

### Sino ang maaaring mag-aplay?

Lahat ng mga batang pumapasok sa Junior Kindergarten ay karapat-dapat na mag-aply para sa maagang French Immersion.

### Para kanino ang Maagang French Immersion?

✓ Idinisenyo para sa mga pamilyang nagsasalita ng isang wika maliban sa Pranses sa bahay.

✓Kami ay lubos na naniniwala na ang lahat ng mga mag-aaral ay may kakayahang matuto ng ibang wika kaya ang mga mag-aaral sa lahat ng mga istilo ng pag-aaral at background ng wika ay tinatanggap at sinusuportahan sa programa.

✓ Ang Maagang French Immersion na programa ay angkop sa lahat ng pamilya na interesado sa pagkakataon na bumuo ng kasanayan sa Pranses.



#### Ang mga Benepisyo ng Maagang Immersion na Programa

Ang maagang programa ng French Immersion ay nagpapahintulot sa mga mag-aaral ng anumang background sa wika na bumuo ng isang mataas na antas ng kasanayan sa Pranses. Ang pag-aaral ng ibang wika sa ganitong paraan ay nag-aalok din ng maraming iba pang mga benepisyo sa mga mag-aaral kabilang ang:

✓ Ang pag-aaral sa ibang wika ay napatunayang nagpapahusay ng mga kakayahan ng mga mag-aaral sa nangingibabaw na wika.

✓ Ang pag-aaral ng wika ay nag-aalok ng iba pang mga benepisyo na nagbibigay-malay tulad ng ganap na binuong mga kasanayan sa pag-iisip at pagkatuto na inilalapat ng mga mag-aaral sa lahat ng mga bahagi ng kanilang pag-aaral.

✓ Ang kahusayan sa mahigit sa isang wika ay nagbubukas ng mga pinto ng pagkakataon sa mga mag-aaral para sa hinaharap at nagpapaunlad ng kamalayan sa iba't ibang mga kultura at mga pagkakakilanlan.

✓ Ang mga mag-aaral na bilinguwal ay nagkakaroon ng malakas na mga kasanayan sa komunikasyon sa pangkalahatan at maaaring matuto ng mga karagdagang wika nang mas madali.

### Impormasyon sa Aplikasyon

Para sa impormasyon sa programa ng Maagang French Immersion at proseso ng aplikasyon, pakibisita ang www.tdsb.on.ca/French.

Sa kasalukuyan, ang pagbubukas ng aplikasyon para sa programa ng Maagang French Immersion ay sa **Nobyembre** ng bawat taon. Mangyaring sumangguni sa website sa unang bahagi ng Setyembre para sa impormasyon sa mga huling petsa ng aplikasyon para sa isang partikular na taon.

Mahalagang tandaan na habang ang paglalagay sa programa ay ginagarantiyahan sa lahat ng karapat-dapat na nasa-oras na mga aplikante, ang isang paglalagay sa isang partikular na paaralan ay **HINDI** garantisado.

# www.tdsb.on.ca/French

# Maagang French Immersion tdsb French

### Ano ang sinasabi ng pananaliksik?

"Nakakamit ng mga mag-aaral sa FI ang masulong na kasanayan sa Pranses pati na rin ang kahusayan ng nilalaman ng paaralan (Agham, Mga Araling Panlipunan, Matematika, atbp.) na katumbas ng mga katulad na mag-aaral na nag-aaral ng nilalamang ito sa Ingles." (**Wesche, 2002**)

Ang mga pag-aaral mula sa iba't ibang bahagi ng Canada ay walang nakitang negatibong epekto para sa EFI o MFI na elementaryang paaralang immersion sa tagumpay ng mga mag-aaral sa matematika, agham, at araling panlipunan kapag sinuri sa Ingles. (**Wesche, 2002**)

Kahit na ang unang wika ng isang bata ay maaaring hindi isang wika ng lipunan, ang mga bata ay maaaring matagumpay na matuto ng isang karagdagang wika, gaya ng Pranses, habang nag-aaral ng Ingles bilang pangalawang wika nang magkasabay. (**O'Brien, 2017**)

Data showed that students enrolled in French-Immersion programs outperformed in their counterparts in nonimmersion programs in reading performance.

https://www150.statcan.gc.ca/n1/daily-quotidien/040322/dq040322a-eng.htm

## Bibliograpiya

Wesche, M.B. (2002) Early French Immersion: How has the original Canadian model stood the test of time? An Integrated View of Language Development, Petra Burmeister, Thorsten Piske, and Andreas Rohde (Eds), WVT Wissenschaftlicher Verlag Trier. www.fmks-online.de/\_wd\_showdoc.php?pic=865

Statistics Canada, (2004) Student Reading Performance in Minority Language Schools. https://www150.statcan.gc.ca/n1/daily-quotidien/040322/dq040322a-eng.htm

O'Brien (2017) Literature Review on the Impact of Second Language Learning, Canadian Association of Second Language Teachers.

# www.tdsb.on.ca/French